## References:


1. 3m v.a.c. therapy clinical guidelines.

2. Negative-Pressure-Wound-Therapy.pdf. W030 Negative Pressure Wound Therapy Patient Education Handout; Sept 14.

3. Advisor WC. Guidelines for safe negative-pressure wound therapy [Internet]. Wound Care Advis. 2014 [cited 2023 Apr 27]. Available from: https:// woundcareadvisor.com/guidelines-for-safe-negative-pressure-wound- therapy/

4. Director of Nursing, Outpatient Wound Care Department, Hamad General Hospital, Doha, Qatar, Al-Qahtani SA, Critchley KA, Professor, Deputy Minister of Health and Wellness, Prince Edward Island, Canada, Ngwakongnwi E, Assistant Professor, Research Coordinator, University of Calgary in Qatar, Doha, Qatar. Patient Satisfaction with an Interprofessional Approach to Wound Care in Qatar. Public Health –Open J. 2017;2:46–52.

5. Huang Y, Mao B, Hu J, Xu B, Ni P, Hou L, et al. Consensus on the health education of home-based negative pressure wound therapy for patients with chronic wounds: a modified Delphi study. Burns Trauma. 2021;9:tkab046.

6. Webster J, Scuffham P, Stankiewicz M, Chaboyer WP. Negative pressure wound therapy for skin grafts and surgical wounds healing by primary intention. Cochrane Wounds Group, editor. Cochrane Database Syst Rev [Internet]. 2014 [cited 2023 Apr 26]; Available from: https:// doi.wiley.com/10.1002/14651858.CD009261.pub3

7. Gupta S, Gabriel A, Lantis J, Téot L. Clinical recommendations and practical guide for negative pressure wound therapy with instillation. Int Wound J. 2015;13:159– 74.

8. Kim PJ, Attinger CE, Crist BD, Gabriel A, Galiano RD, Gupta S, et al. Negative Pressure Wound Therapy With Instillation: Review of Evidence and Recommendations. Wounds Compend Clin Res Pract. 2015;27:S2–19.

9. Apelqvist J, Willy C, Fagerdahl A-M, Fraccalvieri M, Malmsjö M, Piaggesi A, et al. EWMA Document: Negative Pressure Wound Therapy. J Wound Care. Mark Allen Group; 2017;26:S1–154.

10. Peinemann F, Sauerland S. Negative-pressure wound therapy: systematic review of randomized controlled trials. Dtsch Arzteblatt Int. 2011;108:381–9.


# Negative Pressure Wound Therapy (NPWT)





مؤسسة حمد الطبية
Hamad Medical Corporation
HEALTH • EDUCATION • RESEARCH
صحة • تعليم • بحوث

# Negative Pressure Wound Therapy (Negatibong Pressure na Terapia para sa Sugat, NPWT)

### Ano ang Sugat?

Pinsala sa balat o mga ibang tisyu sa katawan na dulot ng hiwa sa operasyon o pinsalang nakakaapekto sa istraktura at gamit ng balat, malalambot na tisyu, o mucosa.



### Negative Pressure Wound Therapy (NPWT) (Vac machine)

Pangunahing teknolohiya para sa paggamot at pangangasiwa ng mga hindi magamot-gamot o mahirap na gamuting sugat. Kaugnay nito ang paggamit ng vacuum-dressing, na lumilikha ng negatibong pressure sa kinaroroonan ng sugat. Maaari itong ilapat sa mga sugat sa anumang bahagi ng katawan.

Ang tagal ng paggamot ay depende sa laki, klase at rason kung bakit ginagamot ang sugat

## Indikasyon.

- Hindi magamot-gamot, malubha at nakabukang mga sugat.
- Mga paso, ulser (tulad ng dahil sa diyabetis, pressure na mga sugat).
- Mga flap at graft na balat.

### Layunin.

- Para tumulong sa pagbuo ng bagong tisyu na nagpapabilis ng paggaling ng mga sugat.
- Nagbibigay ng mamasa-masang paligid para sa paggaling ng sugat.
- Magkakasamang hinihila nito ang mga gilid ng sugat.
- Tumutulong ito ilipat ang mga nakakahawang substansiya at sobrang likido sa partikular na lalagyan sa makina.


### Mga Bahagi ng Negative Pressure Wound na Paggamot.

- Ang sugat ay tinatakpan ng natatanging foam padding.
- Sinasarhan ng manipis na transparent occlusive dressing ang sugat.
- Nakakonekta ang trackpad na may suction tubing sa isang canister para makolekta ang tumatagas na likido.
- Inilalapat ang negatibong pressure gamit ang ispesyal na pump.






**Ipaalam sa duktor, nars, or sa kahit sinong propesyunal sa ospital ang anumang allergy na naranasan nung nakaraan,sa mga materyal ng dressing.**




### Mekanismo ng aksyon.


- Ang vacuum dressing ay binubuo ng pad na foam o gasa na inilalagay sa sugat, tinatakpan gamit ang may pandikit na airtight dressing, at konektado sa vacuum pump. Lumilikha ang pump ng negatibong pressure sa loob ng dressing.
- Ang setting ng negatibong pressure (mula -25 hanggang -200 mm Hg) ay maaaring i-adjust alinsunod sa pangangailangan at uri ng sugat ng pasyente.
- Ang setting ng terapiya at maaaring tuloy-tuloy o pahinto-hinto.
- Ang tagal ng paggaling ng sugat ay depende sa mga factor na tulad ng edad, paninigarilyo, sobrang katabaan, antas ng asukal sa dugo, estado ng nutrisyon (mga nakatagong protina), at mga ibang matagal nang karamdaman.

### Kontraindikasyon

- Kanser (malignancy) sa sugat,
- Hindi maayos ang pagkakatanggal ng dumi o pagkakalinis na mga sugat
- Hindi nagamot na impeksiyon sa buto (osteomyelitis)
- Hindi nagagamot na pagdurugo na karamdaman (coagulopathy)
- Hindi nasuring uka o tunnel (fistula)
- Nakalantad na mga daluyan ng dugo o vital organ.

### Terapiya para sa pangangalaga ng sugat gamit ang negatibong pressure.

- Kadalasan, ang dressing ay pinapalitan kada 48 hanggang 72 na oras.
- Tiyaking ipinapakita sa display screen ang THERAPY ON.
- Kumpirmahin na ang mga clamp ay bukas at ang tubo ay hindi natupi.
- Hindi dapat idiskonekta ang makina o i-switch off ng mahigit sa 2 oras araw-araw.
- Kapag gumagana ang makina, mapapansin mo ang bahagyang pagbinat na pakiramdam at




- Pag-squish ng materyal ng dressing. Inaasahan ang bahagyang pangangati at kirot kapag nasagi habang gumagaling ang sugat.
- Suriin ang iyong dressing kada dalawa o tatlong oras para matiyak na ang materyal ay maayos na nakalapat sa lugar at di natatanggal.
- Ang pagsimula ng paggamot na ito ay makakatulong para maibsan ang pananakit.
- Maaari kang maglakad o mag-shower habang nasa vac therapy, nang ginagawa ang kinakailangang pag-iingat.
- Mangyaring sundin ang nakalatag na mga hakbang sa pag-iwas ng pagkakatumba.

### Maaaring lumitaw ang mga posibleng kumplikasyon:


- Pagdurugo.
- Pinsala sa balat, sa paligid ng sugat (Maceration).
- Iritasyon sa balat.

### Mga palatandaan at sintomas ng impeksiyon.

- Lagnat.
- Medyo mainit kapag hinawakan
- Namamagang sugat.
- Matinding pamumula at pangangati sa balat sa paligid ng sugat.
- Mabahong amoy o nana mula sa sugat.

**Mahalagang tandaan na ang paggamot na ito ay ligtas, na karamihan sa mga pasyente ay kayang gumamit nang maaayos ng NPWT, at hindi karaniwan ang mga problemang ito.**

Kailangang sabihan mo kaagad ang iyong nars kung nakakaranas ka ng anumang mga hindi inaasahang sintomas o nakakasamang epekto habang sumasailalim sa NPWT.



### Tawagan kaagad ang nars:

- Kung gumagana ang makina, pero hindi nakadikit ang dressing o kapag huminto sa paggana ang makina.
- Kung nakakaramdam ka na parang tinutusok-tusok ng karayom o pamamanhid malapit sa sugat.
- Kung nag-alarma ang makina, dahil ang mga alarma ay maaaring tumunog kapag mahina ang baterya, may pagtagas, o puno ang canister atbp.
- Kung nakapansin ka ng biglang pagdami o maraming dugo sa tubing o canister.
- Kung nakapansin ka ng mga palatandaan at sintomas ng impeksiyon (na nabanggit kanina).
- Kung biglang tumindi ang pananakit o nagbago ang uri.